## Makiramay

- **HUWAG** sabihin sa mga biktima kung ano ang gagawin. Ang ating layunin ay tulungan ang mga biktima na mabawi ang kapangyarihang nawala sa kanila at mabawi ang kontrol sa kanilang buhay. Kung sasabin sa mga biktima kung ano ang dapat nilang gawin, maaari itong magkaroon ng kabaligtaran na epekto o maaaring ipagtanggol ng biktima ang nang-aabuso.
- **HUWAG** tumugon ng may panghuhusga at pagpuna. Pagsisi sa biktima, kasali riyan ang mga tugon tulad ng "Bakit ka nanatili?" ay maaaring magpaisip sa biktima na sila ay responsable para sa kanilang sariling pang-aabuso. Sa halip, ipaalam sa biktima na nararapat sila sa kaligtasan at paggalang.
- **HUWAG** gumawa ng mga dahilan para sa pang-aabuso. Ang punto ay pinipili ng isang tao ang mapang-abusong pag-uugali.
- **MAINGAT** na isaalang-alang kung bakit isinumbong ang pang-aabuso. Maaaring may nag-udyok sa biktima na isumbong ang kasalukuyan o nakaraang pang-aabuso.

## Makinig

- **HUWAG** sumabad. Maaaring mahirap para sa mga biktima na ipakipag-usap ito at dapat mong ipakita sa kanila na handa kang makinig sa kanilang kuwento.
- **HUWAG** maging pakialamero. Igalang ang kanilang mga limitasyon; maunawaan na ang ilang pagsumbong ay hindi nagsasabi ng lahat tungkol sa isang relasyon. Huwag pilitin ang isang biktima na magsabi ng higit pa kaysa sa kung anong komportable sa kaniya at isipin kung ang impormasyon na iyong hinihingi ay tungkol sa kanilang kaligtasan o kung ikaw ay nag-uusisa lamang.



### Mga halimbawa ng mga pahayag ng suporta




Para sa higit pang impormasyon kung paano tumugon sa mga pagsumbong at makakuha ng iba pang tulong, bisitahin ang hscadv.org

*Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 15JOVW-21-GG-00695-STAT na iginawad ng Office of Violence Against Women, U.S. Department of Justice. Ang mga opinyon, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyong ipinahayag ng publikasyon/programa/eksibisyon na ito ay sa (mga) awtor at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng U.S. Department of Justice.*

HAWAIʻI STATE COALITION AGAINST DOMESTIC VIOLENCE

# Paano Tumugon sa Mga Pagsumbong ng Karahasan sa Tahanan

Mas malamang na unang makipag-usap ang mga biktima sa isang taong kilala nila kaysa sa isang propesyonal tulad ng isang tagapagtaguyod o opisyal ng pagpapatupad ng batas. Tutulungan ka ng giyang ito kung paano makipag-usap at maglaan ng kinakailangang pangangalaga kapag isinumbong ang karahasan sa tahanan.

## Himukin na Maging Pribado

- **ILIPAT** ang pag-uusap sa isang pribadong lugar kung saan ligtas na magsalita kung may magsisimulang magsumbong ng pang-aabuso sa isang pampublikong lugar.


- **HUWAG** manatiling malapit sa nang-aabuso kung imposibleng lumipat sa pribadong lugar. Tiyaking hindi marinig ng nang-aabuso ang pag-uusap.

- **HAWAKAN** nang may pag-iingat ang impormasyon ng biktima. Depende sa papel mo at kaugnayan sa tao, maaaring kailanganin mong iulat ang kanilang pagsumbong—dapat kang maging tapat tungkol diyan. Kung wala kang obligasyon sa pag-uulat, iwasang ibahagi ang impormasyon nang walang pahintulot ng biktima. Hindi lang ito'y pagpapakita ng paggalang sa kanila at sa kanilang mga karanasan, kundi nakasalalay din ang kaniyang kaligtasan.

## Maniwala

- **TUMUGON** nang may mga pahayag ng suporta. Ang mga tao ay mas malamang na humingi ng tulong kung sa tingin nila ay pinaniniwalaan sila.

- **SERYOSOHIN** mo ang pang-aabuso, kahit na ang pang-aabuso ay nangyari ilang buwan o taon na ang nakalilipas. Kung kasalukuyang nangyayari ang pang-aabuso o matagal na panahon ang lumipas, dumanas pa rin ang biktima ng pang-aabuso.




## Tumugon

- **Ipaalam** ang mga opsyon sa biktima at sumangguni sa mga propesyonal na mapagkukunan. Mayroong mga serbisyo sa karahasan sa tahanan sa bawat county sa Hawai'i. Bisitahin ang hscadv.org/get-help para sa mga mapagkukunan.

- **MAGPOKUS** sa mga pangangailangan ng biktima. Magpakita ng suporta at empatiya at magpokus sa biktima at makibagay sa kanila. Maaaring hindi pa sila handa na putilin ang kanilang relasyon at kailangan mong igalang ang kanilang mga desisyon kahit na hindi ka sumasang-ayon. Sila ang nakakaalam sa kanilang relasyon at alam nila ang kanilang sitwasyon.

- **SURIIN** ang mga patakaran sa pag-uulat ng iyong organisasyon/employer. Depende sa edad ng biktima at sa iyong trabaho, maaaring isa kang mandato na tagapagbalita.

- **GUMAWA** ng planong pangkaligtasan! Ang isang planong pangkaligtasan ay maaaring isang simpleng bagay tulad ng pana-panahong pag-check in, pagsusuri sa mga lugar sa bahay kung saan sa tingin nila ay ligtas o kung saan sila makakapunta sa panahon o pagkatapos ng isang mapang-abusong pangyayari, at pag-alam kung sino ang tatawagan sa oras ng pangangailangan.

- **HUWAG** isipin na pananagutan mong lutasin ang sitwasyon ng biktima. Hindi mo kailangang malaman ang lahat ng mga sagot.

